Pagpapatuloy ng Homework

Gaano katagal inaabot ang paggawa ng mga takdang-aralin?

Kung ang isang mag-aaral na nag-aaral ng Ingles ay binigyan ng ½ oras na takdang-aralin, kadalasan ay aabutin siya ng 1-2 oras upang tapusin ito.

Sino ang dapat gumawa ng takdang-aralin?

Ang **mag-aaral** ang dapat gumawa ng homework.

Inaakala ng ilang mga magulang na ang tulong mula sa isang nakatatandang kapatid o tutor ay nagbubunga ng mas mahusay na grado para sa mag-aaral. Ang pagtulong ay para lamang mapadali ang pag-unawa ng mga dapat gawin.

Ang mga guro ay nagbibigay ng mga takdang-aralin na ginagawa sa klase mismo at sa bahay. Pareho silang binibigyan ng marka. Kung ang mga mag-aaral ay kulang ng praktis sa paggawa ng trabaho na mag-isa, maaaring mahihirapan sila sa kabuuan.

Ang Paggamit ng Computer

Maaring kinakailangang gumamit ng computer ang mga mag-aaral sa mababang paaralan upang mag-research o gumawa ng isang proyekto ng grupo. Kung wala kayong computer sa bahay, maaring gamitin ng inyong mga anak ang mga computer sa pangpublikong library o sa library ng eskwelahan.

"Homework in BC Elementary Schools"

[Filipino]

This brochure is one in a series sponsored by the VSB SWIS program and produced collectively by a group of ESL teachers and the VSB MCLW team.

Funded by the Ministry of Advanced Education and Labour Market Development, and Citizenship and Immigration Canada.

Unawain ang takdang-aralin sa mga mababang paaralan ng BC

Kindergarten hanggang Grade 7

Ano ang mga patakaran ng BC Ministry of Education pagdating sa takdang-aralin?

Ang Ministry of Education ang nagtatakdâ ng mga patakaran tungkol sa dami ng takdang-aralin na ibinibigay sa mga mag-aaral sa B.C. Ang mga patakarang ito ay :

Gr. K hanggang 3 ►
Walang takdang-aralin

Gr. 4 hanggang 7 ►
½ oras bawat gabi

Mga Halimbawa ng Homework

- Tapusin ang trabahong ibinigay sa klase.
- Magbasa ng isang libro sa Ingles o sa sariling wika para sa isang tiyak na oras.
- Manood ng isang ispesipikong programa sa TV sa Ingles.
- Kumuha ng impormasyon mula sa iba't-ibang "sources".
- Makipagtulungan sa mga kaklase sa isang proyektong pang-grupo.
- Magsulat ng isang "journal entry".
- Magbasa o basahin muli ang mga kabanata sa isang teksto o nobela.

Sa BC, mas malaki ang halaga na ibinibigay ng mga guro sa <u>kalidad</u> ng trabaho kaysa sa <u>dami</u>.

Mga Layunin ng takdang-aralin

Maraming dahilan para magbigay ng homework. Nais ng guro na ang mag-aaral ay:

- *maghanda para sa magka-iba at bagong trabaho para sa susunod na araw.*
- *maging mas mahusay sa pagbabasa.*
- *dagdagan ang kanilang bokabularyo.*
- *Maikuwento sa iba ang isang kasaysayan - nang pasalita o nang nakasulat.*
- *matuto at magpraktis ng galing sa wika.*
- *pahusayin ang kakayahang sundan ang paglalahad ng isang kwento.*
- *matuto o magpraktis na magtrabaho nang may kasama bilang pares o grupo.*
- *pahusayin ang kakayahang mahulaan kung ano ang susunod na maaaring mangyari sa isang kwento.*
- *bumuti sa pagsusulat*